

## OPISYAL NA PAHAYAG

Mayo 18, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyong ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, [jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov)

Para sa Agarang Pahayag

## **Lungsod ng Long Beach ay Nag-aalok ng Programa sa Pagkain na ‘Great Plates Delivered’ para sa mga Nakatatanda**

*Lokal na Restawran at Tagapagbigay ng Pagkain ay Hinihikayat na Makilahok*

Long Beach, CA - Inihayag ngayon ng Lungsod ng Long Beach na mag-aalok ito ng isang libreng serbisyo sa paghahatid ng pagkain sa bahay para sa mga nakatatanda, sa isang pagsisikap na matulungang ang mga taong may mataas na peligro sa COVID-19 at makapagbigay ng stimulus pangekonomiya sa mga lokal na kainan sa panahon ng pandemya. Inilabas ng Lungsod ang [request for proposals](#) (RFP) upang makontrata ang iba ibang tagapagbigay ng pagkain sa Long Beach upang maghanda at mag-package ng mga pagkain.

“Ito ay isang mahalagang pagkakataon upang suportahan ang mga nakatatanda sa ating komunidad na pinaka nangangailangan sa oras na ito, pati na rin matulungan ang industriya ng serbisyo sa pagkain na labis na naapektuhan bilang resulta ng krisis sa kalusugan ng publiko,” sabi ni Mayo Robert Garcia.

Ang Programa ng Great Plates Delivered ay magbibigay ng hanggang sa tatlong libreng masustansyang pagkain na ihahatid araw-araw sa mga kwalipikadong tao na 65 taong gulang o pataas, o mga taong 60-64 na mataas ang peligro sa COVID-19, sa pakikipagtulungan sa lokal na tagapagkaloob ng mga pagkain at restawran.

Ang mga restawran at mga tagapagbigay ng pagkain na interesado na sumali sa programa ay hinihikayat na kumpletuhin ang proseso ng RFP. Ang pagsali ay ibibigay sa mga negosyo na pag-aari ng lokal at/o lokal na sourced, unahin ang mga lokal na trabaho at pagpapanatili ng manggagawa, at magbigay ng mga pagkain na maaring i-freezer at initin, pati na rin matugunan ang mga pamantayan sa nutrisyon at iba pang mga ligtas na paghawak ng pagkain ayon sa

[patnubay ng Estado](#). Para sumali sa proseso ng RFP, ang mga interesadong may-ari ng negosyo ay dapat pumunta sa Financial Management [Purchasing Division webpage](#).

Ang RFP ay magsisimula ngayon, Mayo 18, at magsasara ng 11 a.m ngayong Huwebes, Mayo 12. Ang mga karagdagang detalye ay ibinibigay sa panukala.

Pipiliin ng Lungsod ang maramihang lokal na tagapagkaloob ng pagkain para sa pakikilahok sa programa, ayon sa pamantayan ng Federal Emergency Management Agency (FEMA).

Noong nakaraang buwan, inihayag ni Gobernador Newsom ang paglulunsad ng kauna-unahan-sa-bansa na “Great Plates Delivered: Mga Home Meals para sa Mga Senior” sa pakikipagtulungan sa mga county, lungsod, at mga tribo. Ang bersyon ng programa ng Long Beach ay inaasahang magsimula sa Mayo 29, 2020, at magpapatuloy hanggang Hunyo 10, ang timeframe na naaprubahan ng FEMA. Layon ng Estado ng California na humiling ng isang extension ng programa hanggang Hulyo.

Ang karagdagang impormasyon kung paano mag-apply ang mga residente na makatanggap ng pagkain ay paparating.

Para sa mga katanungan na may kaugnayan sa RFP, makipag-ugnayan sa [rfppurchasing@longbeach.gov](mailto:rfppurchasing@longbeach.gov).

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach para mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: [longbeach.gov/COVID19](https://longbeach.gov/COVID19) at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###